Sangguniang Panglungsod

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 98-11**

**KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG "VARIATION ORDER NO. 1" (KARAGDAGANG "SCOPE OF WORKS" NG PROYEKTONG MUNTINLUPA POLYTECHNIC COLLEGE, PHASE I SA HALAGANG P6,515,024, AT NAGBIBIGAY NG KAPANGYARIHAN SA PUNONGLUNGSOD, KGG. IGNACIO R. BUNYE, NA PUMASOK SA KASUNDUAN (NEGOTIATED CONTRACT) SA F.L.B. CONSTRUCTION CORPORATION PARA SA " LAND DEVELOPMENT AT ROADWAY PREPARATION" NG DALAWANG EKTARYANG KATATAGPUAN NG PROYEKTO SA HALAGANG P11,726,599.**

*************************************************************************

**Nagpanukala :** **Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kgg. Rufino B. Joaquin**
**Kgg. Dante S. Almario**
**Kgg. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kgg. Aldrin L. San Pedro**
**Kgg. Victor L. Ulanday**
**Kgg. Rafael R. Arciaga**
**Kgg. Melchor R. Teves**
**Kgg. Roman E. Niefes**
**Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kgg. Alejandro L. Martinez**
**Kgg. Rey E. Bulay**
**Kgg. Artemio A. Simundac**
**Kgg. Allan Rey A. Camilon**

*************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang pagpapagawa ng proyektong **Muntinlupa Polytechnic College (MPC)** ay isa sa mga pangunahing programa ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** noong 3 Setyembre 1997, ang Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ay pumasok sa isang kasunduan sa **F.L.B. Construction** para sa pagpapagawa ng nasabing proyekto;

**SAPAGKAT,** ang unang bahagi (Phase I) ng proyekto ay kasalukuyang ginagawa at tinatayang matatapos sa Mayo 1998 ayon sa itinatakda ng nilagdaang kontrata;

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyan, ang Pamahalaang Lungsod ay mayroon ng sapat na halaga upang maipagpatuloy ang konstruksyon ng nasabing proyekto **(Variation Order No. 1 - karagdagang "Scope of Works")** at maipagawa ang daraanang kalsada at Land Development ng lugar na pinagtatayuan nito;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod, upang madaling maipatapos ang konstruksyon at pagsasaayos ng nasabing lugar, ay inialok ang pagpapagawa ng nasabing proyekyo sa kasalukuyang kontratista **(F.L.B. Construction Inc.)** sa halagang pinagtibay **(Approved Agency Estimate)** ng Pamahalaang Lungsod na umaabot sa P18,241,623.79 (Variation Order No. 1 - P6,515,024 plus Land Development and Roadway Preparation - P11,726,599);



City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

**SAPAGKAT,** ayon sa **COA Circular No. 91368**,

> ***"a change order (Variation Order) may be issued by the implementing official after the same has been approved by the appropriate official if the amount of the change order is within the limits of the former's authority to approve original contract where the aggregate cost of the change order is limited to twenty-five (25%) percent of the original contract cost.***

**SAPAGKAT,** ang kabuuang halaga ng "change order" ay 24.9% sa orihinal na kontrata;

**SAPAGKAT,** ang paggagawad **(award)** ng proyekto sa kasalukuyang kontratista sa pamamagitan ng negosasyon **(Negotiated Contract)** ay pinahihintulutan ng probisyon ng P.D. No. 1594 at COA Circular No. 91-368 [Sec. 568 (a) (1 and 3)] kung ang proyekto ay ginagawa ng kasalukuyang kontratista, ang itutuloy na proyekto ay karatig o kanugnog ng ginagawang proyekto, ang pagpapatuloy ng proyekto ay hindi kayang gawin ng Pamahalaang Lungsod **"By Administration"** at ang kontratista ay hindi nahuhuli sa takdang panahon ng paggagawa **(No Negative Slippage)** ;

**SAPAGKAT,** ang paggawa ng kasalukuyang kontratista ay hindi nahuhuli sa takdang panahon ng pagpapapagawa ayon sa itinatadhana ng naunang kontrata;

**SAPAGKAT,** ang halaga ng itutuloy na proyekto (Unit Cost) ay kapareho ng kasalukuyang ginagawang proyekto;

**NGAYON DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa na pagtibayin ang "Variation Order No. 1" (karagdagang "Scope of Works" ng proyektong Muntinlupa Polytechnic College-Phase I) sa halagang P6,515,024, at pagkalooban ng kapangyarihan ang Punonglungsod, Kgg. Ignacio R. Bunye na pumasok sa kasunduan (Negotiated Contract) sa F.L.B. Construction Corporation para sa "Land Development at Roadway Preparation" ng dalawang ektaryang katatagpuan ng proyekto sa halagang P11,726,599;

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayon **16 ng Pebrero 1998, sa ginanap na ika- anim (6th) na Regular na Sesyon.**

**SUMANG-AYON:**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punong-Barangay

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**HULI :**

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**LIBAN :**

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN :**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY :**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

9/11/98

Petsa : ____________